Pangalan: Jeffrey Garcia Quiñones
Paksa ng Khutbah: “Ang Pagharap sa Pagsubok nang may Kaalaman sa Islam”
Isinaayos ni: Bro. Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 19, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, papurihan at pasalamatan natin si Allah Subhanahu Wa Ta’Ala kung saan tayo ay pinagtagpo-tagpo sa napakaimportanteng araw na ito. Tunay, kung ating pagmamasdan at pag aaralan ang isang baterya ay makikita natin na ito ay may positibo at negatibo, sangkap ito para ang baterya ay gumana. Gayundin naman ang elektrisidad na hindi makakapag-supply ng kuryente kung puro positibo lang, kailangan pa rin ng negatibong linya para ang boltahe ay magka-enerhiya. Ang ating mga puso na ang tibok nito ay may pababa at may pataas, na kung ito ay magpapantay siguradong ang pintig nito ay mawawala. Parang buhay natin sa Mundong ating ginagalawan. Minsan tayo ay nasa ibabaw at minsan din naman ay nasa ilalim. Kaakibat na natin ang mga pagsubok sa buhay.

Alhamdulillah at tayo ay mga Muslim na kung saan sinabi ng mahal na Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"إِنَّ اللهَ إِذَا أَحَبَّ قَوْمًا اِبْتَلاهُمْ، فَمَنْ صَبَرَ فَلَهُ الصَّبْرُ." صحيح الجامع، 1706

*“Tunay na kapag minahal ni Allah ang isang nasyon ay bibigyan Niya sila ng pagsubok, kaya sinuman ang magtiis ay gagantimpalaan Niya ito ayon sa kanyang pagtitiis.”* (Sahihul Jami’, 1706)

Kaya ang pagsubok sa isang tunay na mananampalataya, imbes na maging problema ay nagiging biyaya ito para sa kanya. Nakatala sa Qur-an na si Allah ay nagsabi:

﴿ وَلَقَدْ فَتَنَّا ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ ۖ فَلَيَعْلَمَنَّ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ صَدَقُوا۟ وَلَيَعْلَمَنَّ ٱلْكَـٰذِبِينَ ﴾ العنكبوت: 3

***"Datapuwa't katiyakan na Aming sinubukan ang mga nauna sa kanila, at si Allah ay tiyak na magpapakita sa kanila kung sino ang mga makatotohanan, at Siya ay tiyak na magpapakita kung sino ang mga sinungaling."*** (Al-Ankabut: 3)

Ayon sa Tafsir ni Ibn Katheer sa pinakamalapit na kahulugan, ibig sabihin, hindi ito bagong bagay na maaaring ikaw lang ang nakakaranas. Gayundin ang nangyayari noon pa bago ka pa dumating sa Mundo. Ang sinumang nag-angkin sa pananampalataya, siya ay dumadaan at dumaranas ng mga pagsubok at kapighatian. At kapag ang iba ay hindi nabigyan ng anuman nang walang pagsubok, sa anumang paraan ay hindi tayo mga espesyal na tao na dapat tayong paboran at gantimpalaan sa pagsasabi lamang na tayo ay mananampalataya.

Marami sa atin ngayon na kaunting pagsubok lamang ay social media na ang katapat imbes na sa Dakilang Tagapaglikha lumapit at humingi ng tulong ay simpatiya ng mga tao ang kinukuha. Nakakalungkot isipin na sa kabila ng pag-aangkin na tayo ay mananampalataya ay nakakalimutan natin na ang ating dinadanas ay bahagi ng ating paniniwala. Maging matibay tayo at mapagtiis sa ating mga hinaharap. Lagi nating tandaan ang sinabi ni Allah:

﴿ لَا يُكَلِّفُ ٱللَّهُ نَفْسًا إِلَّا وُسْعَهَا ۚ لَهَا مَا كَسَبَتْ وَعَلَيْهَا مَا ٱكْتَسَبَتْ ۗ ﴾ البقرة: 286

***"Hindi binibigyan ng bigat ni Allah ang isang kaluluwa maliban [na nasa loob ng] kakayahan nito. Ito ay magkakaroon [ng kahihinatnan ng] kung ano ang [kabutihan] na natamo nito, at ito ay magtataglay [ang kahihinatnan ng] kung ano ang [kasamaan] na nakuha nito."*** (Al-Baqarah:286)

At pakatandaan din natin na sinabi ni Allah:

﴿ فَإِنَّ مَعَ الْعُسْرِ يُسْرًا (5) إِنَّ مَعَ الْعُسْرِ يُسْرًا (6) ﴾ الشرح: 6-7

***"Kaya't katotohanan, sa paghihirap ay mayroong ginhawa. Katotohanan, sa paghihirap ay may ginhawa."*** (Ash-Sharh: 6-7)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam. Kapit lang sa lubid ni Allah sa lahat ng ating pinagdadaanan.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Kung pagninilayin at uunawain ang kuwento ni Propeta Ayyub (‘alayhis salam), tunay na hindi tayo makakapantay man lang sa mga dinaanan niyang pagsubok at pagtitiis. Si Propeta Ayyub (‘alayhis salam) ay galing sa lahi ni Propeta Ibrahim (‘alayhis salam). Ang kanyang asawa, isang direktang apo ni Propeta Yusuf (‘alayhis salam), ay pinangalanang Rahma. Magkasama silang tumira sa Roma at biniyayaan ng labing-apat na anak. Si Ayyub (‘alayhis salam) ay isang Propeta na labis na pinagpala ni Allah. Siya ay malakas at malusog, may malawak na lupain, masaganang hayop, at isang matuwid at magandang pamilya. Isa rin siyang pinuno ng komunidad na lubos na iginagalang at minamahal ng kanyang mga tao.

Tinukso siya ni Shaytan (Iblis) sa kapahintulutan ni Allah Subhanahu Wa Ta’Ala sa Kanyang kayamanan, ari-arian na ang tugon ni Propeta Ayyub (‘alayhis salam) ay “Ang Allah ay nagbibigay sa sinumang kanyang naisin, at si Allah ay kukuha mula sa sinumang kanyang naisin. At ang lahat ng kayamanan na mayroon ako ay kay Allah, kaya siya ang may kapangyarihang bawiin ito sa akin.” Pagkatapos sa kanyang pamilya na kung saan ang labing apat nyang anak na magaganda at mahuhusay ay sabay namatay na ang kanyang naging tugon ay “Ibinigay sa akin ni Allah ang makabubuti para sa akin, at inalis ang nakikita ni Allah na hindi nakalulugod para sa kanya at para sa akin. Nakikita ni Allah na ang lahat ng mga batang ito ay maaaring maging isang malakas na pagsubok at harang para sa akin, kaya inilayo sila sa akin. Kung ang isang bagay ay kapaki-pakinabang o nakakapinsala sa akin, mananatili akong matatag sa aking paniniwala at mananatiling nagpapasalamat sa aking Maylalang.”

Hindi doon natapos, kasunod nito ay ang kanyang kalusugan na binigyan ni Allah Subhanahu Wa Ta’Ala ng limitasyon si Iblis “Binibigyan kita ng awtoridad sa kanyang katawan ngunit hindi sa kanyang kaluluwa, talino o puso, sapagkat sa mga lugar na ito naninirahan ang kaalaman tungkol sa Akin at sa Aking relihiyon.” Lumaglag ang katawan ni Propeta Ayyub sa mahabang panahon na halos hindi na makagalaw sa mga sugat. Na tanging asawa nya lang ang kasama na sa huli ay tinukso din ni Iblis. Doon tinananong ni Ayyub ang nagrereklamong asawa na kung ilang taon na ba silang nagtamasa ng kaginhawahan? Na tugon ng asawa ay walumpung taon at ilang taon na ba ang aking pagdurusa? Sagot ng asawa ay pito. Kaya sabi ng mahal na Propeta. Kung gayon nahihiya ako sa Allah na alisin ang aking pagdurusa na galit na sinabing mula ngayon ay hindi na siya kakain sa lahat ng ihain ng asawa at gumaling lang siya ay hahampasin niya ito ng isang daang

beses. Iniwan siya ng asawa at sa tagpong ito ay nanalangin at nanangis siya kay Allah at agad siya nitong tinugon.

Naalaala ni Ayyub (‘alayhis salam) ang kanyang pangako na parurusahan ang kanyang asawa ng isang daang hampas sa sandaling bumalik ang kanyang kalusugan. Hindi niya nais na saktan ang kanyang pinakamamahal na asawa, at hindi rin niya nais na sirain ang kanyang panunumpa kay Allah. Kaya, si Allah, ang Pinakamaalam, ay nag-utos kay Ayyub (‘alayhis salam), “Kumuha ka sa iyong kamay ng isang bigkis ng manipis na damo at hampasin mo ang iyong asawa, at huwag mong sirain ang iyong panunumpa.” Pagkatapos ay ibinalik ni Allah ang kayamanan ni Ayyub. Nagpadala siya ng ulan ng mga balang na gawa sa ginto na bumagsak sa paligid ni Ayyub. Sina Ayyub (‘alayhis salam) at Rahma ay naibalik din sa kanilang pamilya. Ang mag-asawa ay biniyayaan ng dalawampu't walong magaganda, malulusog na mga anak - labing-apat na babae at labing-apat na lalaki. Ang kuwento ni Propeta Ayyub ay isa sa kahirapan na may halong pasensiya. Madaling maging isang tapat na lingkod ni Allah kapag ang lahat ay maayos na naisasagawa.

Si Allah ay pinupuri ang Kanyang alipin, na nagsasabi:

﴿ إِنَّا وَجَدْنَاهُ صَابِرًا نِعْمَ الْعَبْدُ إِنَّهُ أَوَّابٌ ﴾ ص: 44

***“Katotohanan, Aming nakita siyang matiyaga, isang mahusay na alipin. Katotohanan, siya ay paulit-ulit na bumabalik [kay Allah]."*** (Sad: 44)

Mga minamahal na kapatid sa pananampalatayang Islam, sa tagpong ito, payo at hamon ko una sa aking sarili at sunod sa inyo ay harapin natin ang mga pagsubok nang may kaalaman sa ating pananampalataya.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***